



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

Protektahan ang iyong kotse

Seguridad ng sasakyan

Ang pagsalalay sa kaginhawaan ng sasakyan ay isang bagay na binabale-wala ng karamihan sa atin. Ngunit kung ang iyong sasakyan o mga nilalaman nito ay ninakaw o nasira, ang mga epekto nito sa iyong pamilya, trabaho at pananalapi ay maaaring nakapanlulumo.

Ang pagnanakaw sa isang kotse ay karaniwang mga krimen na dala ng oportunidad, kaya ang pag-iwan ng iyong mahahalagang bagay nang lantad o sa sasakyang mahina ang seguridad ay maaaring magbigay ng di-kailangang pansin. Sa paggamit ng mga bagong proximity key, higit na pangangalaga ang kailangan upang matiyak na nai-lock mo ang iyong kotse.

Ang pagnanakaw ng mga pinakabagong modelo ng mga sasakyan (humigit-kumulang 70%) ay hindi sa pamamagitan ng hotwiring, ngunit sa pamamagitan ng pag-akses sa mga susi ng may-ari, habang ninanakawan ang bahay. *(National Motor Vehicle Theft Reduction Council)*

Sa pagsagawa lamang ng ilang mga karagdagang pag-iingat sa iyong kotse sa bahay o kapag lumabas at abala, maaari mong bawasan nang malaki ang mga tiyansa mong mabiktima ng ganitong uri ng krimen.

Narito ang ilang simpleng hakbang na magagawa nating lahat upang mas mahusay na maprotektahan ang ating mga sasakyan:

Protektahan ang iyong kotse upang hindi manakaw

- **HUWAG** iwanan ang iyong mga susi sa ignition kapag wala ka sa loob ng iyong sasakyan; kahit na sa iyong driveway sa bahay.
- **LAGING** panatiliing nakakandado ang mga pinto at bintana ng iyong sasakyan, kahit habang nagmamaneho.
- **PAG-ISIPANG** i-upgrade ng seguridad ng iyong sasakyan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang de-kalidad na alarma o isang elektronikong immobilizer para sa mas lumang mga sasakyan.
- **HUWAG** iwanang nakalantad ang iyong mga susi sa bahay o sa publikong mga lugar gaya ng mga restoran. [carsafe - car-security-begins-at-home](#)

Protektahan ang mga ari-arian sa iyong kotse

- **LAGING** panatiliing naka-lock ang iyong mga pinto at bintana kapag nasa labas ng iyong sasakyan.
- **HUWAG** iwanan ang mahahalagang bagay tulad ng mga mobile na telepono, handbag, GPS o ekstrang barya nang lantad sa lahat kahit nakaparada lang sa bahay.
- **LAGING** subukang iparada sa isang mailaw o mataong lugar.
- **MGA TRABAHADOR (TRADIES)**, laging ikandado ang inyong mga toolbox at ute tray at iwasang pumarada sa kalye sa gabi.

Protektahan ang iyong sarili kapag nagbebenta ng iyong sasakyan

- **HUWAG** ipatalastas ang iyong tirahan kapag nagbebenta ng iyong sasakyan.
- **LAGING** tingnan at irekord ang pagkakakilanlan ng sinumang potensyal na bibili.
- **HUWAG** hayaang i-test drive ninuman ang iyong sasakyan nang walang superbisyon. [carsafe - Theft with ForceBrochure.pdf](#)

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paksang ito, bisitahin ang [carsafe.com.au](#)



NSW Police Force

Para sa higit pang impormasyon sa pagpigil sa krimen, mangyaring bisitahin kami sa [www.police.nsw.gov.au](#)

**Triple Zero (000)**

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalalagay ang buhay sa panganib.

**Police Assistance Line (131 444)**

Para sa mga hindi emerhensiya.

**Crime Stoppers (1800 333 000)**

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.